Tagalog

## KAINAMAN NG SALATUL JANAZAH (PARA SA PATAY)

**Sabi ng Sugo ni Allah (sumakanya ang kapayapaan): Sinumang sumama sa Janazah ng isang muslim, dahil sa paniniwala at paghahangad ng gantimpala, at nanatili siya rito hanggang maisagawa ang Salah, at naroon siya sa paglibing nito. Tunay na uuwi siyang may gantimpala na dalawang Qiraat, ang isang Qiraat ay kasimbigat ng bundok ng Uhud. Sinumang sumama sa pagsasagawa ng Salah at umuwi bago pa man ito mailibing ay uuwi siyang may gantimpala na isang Qiraat.) Inulat ni Al-Bukhari.**

### IMPORMASYON TUNGKOL SA BUNDOK NG UHUD

1- Ang layo nito ay 7 kilometro.
2- Ang lawak nito ay sa pagitan ng 2 hanggang 3 kilometro.
3- Ang taas nito ay 1077 metro
4- Ang bigat nito ay 45 billion tons.

TANONG: kakaligtaan mo pa ba ang Salatul Janazah mula ngayon?

## PAMAMARAAN NG SALATUL JANAZAH

- Sunnah na tatayo ang Imam sa tapat ng ulo ng lalaking patay, at sa gitna (tiyan) naman sa babaeng patay.
- Isagawa ang 4 na Takbir, itataas ang mga kamay sa bawat Takbir.

(1) Bigkasin niya sa unang Takbir pagkatapos ng A'udhu billahi minas shaytanir rajim, ang Surah Al-Fatihah.

(2) Bigkasin niya ang Salawat sa propeta pagkatapos ng ikalawang Takbir; *(ALLAHUMMA SALLI 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ALI MUHAMMAD, KAMA SALLAYTA 'ALA IBRAHIM, WA 'ALA ALI IBRAHIM INNAKA HAMIDUM MAJID, ALLAHUMMA BARIK 'ALA MUHAMMAD WA 'ALA ALI MUHAMMAD, KAMA BARAKTA 'ALA IBRAHIM WA 'ALA ALI IBRAHIM, INNAKA HAMIDUM MAJID.)*

*(O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, tulad ng pagpapala Mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim, tunay na ikaw ay kapuri-puri, kapita-pitagan. O Allah, pangalagaan Mo si Muhammad at ang pamilya ni Muhammad, tulad ng pangangalaga Mo kay Ibrahim at sa pamilya ni Ibrahim, tunay na ikaw ay Kapuri-puri, Kapita-pitagan.)*

(3) At manalangin siya sa pagkatapos ng ikatlong Takbir, sasabihin niya: *(ALLAHUMMA GHFIR LIHAYYINA WA MAYYITINA SA SAGIRINA WA KABIRINA, WA DHAKARINA WA UNTHANA, WA SHAHIDINA WA GHA'IBINA. ALLAHUMMA MAN AHYAYTAHU MINNA FA AHYIHI 'ALAL IMAN, WA MAN TAWAFFAYTAHU MINNA FATAWAFFIHI 'ALA ISLAM. ALLAHUMMA LAA TAHRIMNA AJRAHU, WA LAA TUDHILLANA BA'DAHU. ALLAHUMMA GHFIR LAHU WARHAMHU, WA AFIHI WA'FU ANHU, WA AKRIM NUZULAHU WA WASSI'MUDKHALAHU, WAGHSILHU BIL MAÍ WATH-THALJI WAL BARAD. WA NAQQIHI MINAL KHATAAYA KAMA NAQQAYTA THAWBAL ABYADHA MINAD DANAS. WA ABDILHU DAARAN KHAYRAN MIN DAARIHI, WA AHLAN KHAYRAN MIN AHLIHI, WA ZAWJAN KHAYRAN MIN ZAWJIHI, WA ADKHIL HUL JANNATA, WA AÍDHU MIN 'ADHABIL QABRI, WA MIN 'ADHABIN NAAR.)*

*(O Allah, patawarin Mo ang buhay sa amin at ang yumao na mula sa amin, at sa bata at matanda mula sa amin, at sa lalaki at babae mula sa amin, at sa nakasama sa amin at di-nakasama sa amin. O Allah, sinumang binuhay Mo mula sa amin ay buhayin Mo siya sa Iman, at sinumang kunin Mo mula sa amin ay kunin Mo siya na nasa Islam. O Allah, huwag Mong ipagkait sa amin ang gantimpala sa kanya, at huwag Mo kaming iligaw pagkaraan niya. O Allah, patawarin Mo siya at kaawaan Mo siya, iligtas Mo siya at ipagpaumanhin, at painamin Mo ang pagbaba niya, at palawakin Mo ang papasukan niya, at hugasan Mo siya sa pamamagitan ng tubig, yelo, at niyebe. Linisin Mo siya mula sa mga kasalanan tulad ng paglinis Mo sa puting tela mula sa mantsa. At palitan Mo ang tahanan niya na mas mainam pa sa tahanan niya. At pamilyang mas mainam kaysa sa pamilya niya. At kasamang mas mainam sa kasama niya. At papasukin Mo siya sa Paraiso, at iligtas Mo siya mula sa parusa sa libingan at parusa sa Impiyerno.)*

- At kapag ang patay ay bata, sasabihin: *"ALLAHUMMAJ ALHU FARATAN WA DHUKHRAN LIWAALIDAYHI, WA SHAFIÁN MUJAABAN. ALLAHUMMA THAQQIL BIHI MAWAZINAHUMA, WA A'DHIM BIHI UJURAHUMA, WA ALHIQHU BISALIHIL MU'MINEEN, WAJÁLHU FI KIFALATI IBRAHIM, WA QIHI BIRAHMATIKA ADHABAL JAHIM.)*
- *(O Allah, gawin Mo siyang impok at tagong-yaman para sa mga magulang niya, at tagapamagitang dinidinig Mo. O Allah, pabigatin Mo sa pamamagitan niya ang timbangan nila, at na palakihin Mo sa pamamagitan niya ang mga gantimpala nila, at ibilang Mo siya mula sa mga mabubuting mananampalataya, at ibilang mo siya sa pangangalaga ni Ibrahim, at ilayo Mo siya sa pamamagitan ng awa Mo mula sa parusa ng Apoy.)*

(4) pagkatapos ng ika-apat na Takbir ay tumigil nang sandali, at pagkatapos ay isagawa ang Taslim sa kanan lamang.

Janaezbh
+97339804646

Nagsalin: Al-Andalus Group LTD.
www.alandalusgroup.co.uk

May Karapatan ang bawat muslim sa pag-imprinta at paglathala nang walang anumang babaguhin sa nilalaman.